Mga Umiiral at Planadong Hakabng
sa Pagsusulong ng pagkakapantay-pantay Batay sa Lahi

Ang Kagawaran ng Pangkalikasang Proteksyon

Ang Kagarwaran ng Pangkalikasang Proteksyon (EPD) ay responsable sa pagpapatupad ng iba't ibang pangkalikasan na polisiya, kabilang dito ang pagpapairal ng pangkalikasan na lehislasyon, pangangasiwa sa operasyon ng tamang pagsasaayos ng basura at sa mga pinag-iimbakang pasilidad nito, pati na rin ang pag-oorganisa ng iba't ibang komunidad at mga pang-edukasyong aktibidad na naglalayong pag-ibayuhin ang pangkalikasan na kamalayan, atbp.

Ang EPD ay labis na pinahahalagahan ang pantay-pantay na karapatan ng publiko sa paggamit ng aming mga serbisyo anuman ang kanilang pinagmulang lahi.

Mga Serbisyong Pinangangasiwaan

- **Pangkalikasang Pagsunod**
  Ang EPD ang nagpapatupad sa mga ordinansa ukol sa pagkontrol ng poluyson sa pamamagitan ng apat na Opisinang Panrelihiyon at Opisina ng Panteritoryo Kontrol na nasa ilalim ng Environmental Compliance Division. Ang mga opisinang ito ay nagsasagawa rin ng inspeksiyon, pabibigay ng lisensiya, at tumutugon sa mga reklamo.

- **Pagbabawas at Pamahala ng Basura**
  Ang EPD ang namamahala sa mga pasilidad para sa pangongolekta, paglilipat, paggamot, at pagtatapon ng iba't ibang klase ng basura. Para mas lumawak pa ang kaalaman ng publiko ukol sa pagreresiklo ng basura at sa proseso ng paggamot nito, mayroong mga guided tour sa ilang waste treatment facility. Ang website ng Pagbabawas ng Basura ay nagbibigay rin ng impormasyon tungkol sa pagtatapon, pagbabawas, pagreresiklo, at pamamahala ng basura sa Hong Kong.

- **Sentro ng mga Serbisyo para sa Kustomer (CSC)**
  Ang CSC ay nagbibigay ng malawak na serbisyo sa

pamamagitan ng hotline 28383111, kabilang dito ang pagrerehistro ng reklamo ukol sa polusyon, pagsagot sa mga katanungan, serbisyo na tutulong sa komunidad ng negosyo, at mga pinakabagong balita tungkol sa EPD.

Umiiral na mga Hakbang

- Ang EPD ay mangangailangan ng serbisyo na susuporta sa interpretasyon na ipagkakaloob ng Sentro para sa Pagkakaisa at Pagpapalawig ng Residente sa Etnikong Minorya (CHEER) para sa mga taong nabibilang sa iba't ibang lahi sa kanilang pagbibigay ng salaysay ukol sa pangkalikasang paglabag upang masiguro na kanilang naiintindihan ang mga akmang batas at malaman ang kanilang mga karapatan.

- Ang Sentro ng Bisita ng mga waste treatment facility ay magbibigay ng mga guided tour gamit ang mga wikang Cantonese, Putonghua, at Ingles. Kung may matatanggap na mga hiling mula sa mga taong nabibilang sa iba't ibang lahi, ikokonsidera ang pagbibigay ng mga karagadang hakbang para makapagbigay ng kailangang pagtulong.

- Para pangasiwaan ang mga taong nabibilang sa iba't ibang lahi na maintindihan ang pangunahing mensahe ukol sa "Malinis na Pagreresiklo", ang mga kagamitang pampromosyon ay gagawing bilingual at ang mga paskil ay isasalin sa apat na wika (Tsino, Ingles, Filipino, at Bahasa)

- Sa pamamahala ng mga tawag mula sa mga taong nabibilang sa iba't ibang lahi na hindi nakapagsasalita ng wikang Tsino/Ingles, ang CSC ay mangangailangan ng serbisyo na susuporta sa interpretasyon na ipagkakaloob ng CHEER na naaayon sa mga nagawa nang hakbang.

Pagtataya sa Hinaharap na Gawain.	• Ipagpapatuloy namin na palagiang repasuhin ang mga serbisyo, upang makatugon sa mga pangangailangan ng mga taong nabibilang sa iba’t ibang lahi.
Karagdagang mga Hakbang na Ginawa / Gagawin	• Pagsasanay/Pagbibilin ukol sa Oridinansa ng Diskriminasyon ng Lahi at ang mga kaukulang panuntunan ay ipagpapatuloy na ayusin para sa mga empleyado at aming mapalawig ang kanilang kamalayan tungkol sa pangkakapantay-pantay ng lahi.

Para sa mga katanungan tungkol sa umiiral at planadong mga hakbang sa pagsusulong ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnayan kay Mr. Terence Tsoi, Senior Development Officer (Ugnayang Corporate) sa pamamagitan ng sumusunod na mga channel –

Telephone no. : 2835 1583
Fax no. : 2834 8845
Email : lctsoi@epd.gov.hk
Postal Address : 25/F., Southorn Centre, 130 Hennessy Road, Wan Chai, Hong Kong

Kagawaran ng Pangkalikasang Proteksyon
Hunyo 2024